# PANGHALIP BILANG PAKSA/PINAGLALAANAN/GAMIT NG GRAP/PAGSASALIN NANG PASULAT NG IMPORMASYON

*Kumusta ka? Sana'y masaya ka sa araw na ito. Maligayang pagsasamang muli sa modyul na ito. Inaasahang sa katapusan ng pagsasagawa ng mga gawain ay:*

- *Nagagamit ang panghalip bilang paksang pangungusap at pinaglalaanan sa mga pangungusap*
- *Nagagamit ang mga grapikong pantulong sa pag-unawa ng teksto*
- *Naisasalin nang pasulat ang mga impormasyong ipinahihiwatig ng mga grapikong pantulong sa teksto*



## Pagbalik-aralan

**Naalala mo ba ang mga salitang ipinapalit sa ngalan ng tao na tinawag nating <u>panghalip na panao</u>? Piliin ang mga ito sa pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.**

1. Maraming humahanga kay Mang Pedring dahil siya ay masipag na ama ng tahanan.
2. Maaga pa ay napakain na niya ang mga alagang manok.
3. Ang mga anak ni Mang Pedring ay mababait kaya pinupuri sila ng mga kapitbahay.
4. Ang kanilang munting bakuran ay malinis at maganda.
5. "Mag-aral kayong mabuti," ang laging payo niya sa mga anak.
6. "Tayo ay mahirap lamang kaya kailangang magsikap" ang laging paalala sa mga anak.
7. Dagdag pa niya, "Sikapin ninyong maging mga kapaki-pakinabang na mamamayan."

8. Sa kanila nakatuon ang pansin ng mga kapitbahay.
9. Siya ang huwaran ng mga kabarangay.
10. Maipagmamalaki nila ang kanilang pamilya.

Tingnan mo kung nasa loob ng kahon ang iyong sagot.

| | |
|---|---|
| siya | sila |
| kanila | nila |
| niya | tayo |
| ninyo | inyo |
| kayo | |

Basahin

Sa inyo bang lugar ay may taong may kapansanan o kapintasan? Paano siya tinanggap ng mga tao? Basahin natin ang kuwento tungkol sa isang taong may kapintasan.

**Ang Alamat ng Pakwan**

Sa isang liblib na baryo ay may naninirahang lalaki na laging tampulan ng biro ng mga tao. Siya ay si Mang Juan. Pinagtatawanan siya dahil sa kanyang anyo. Maitim siya at tadtad ng bulutong ang mukha bukod pa sa may kaitiman ang kanyang balat. Mabait siya at matulungin ngunit ang kapangitan ang laging nakikita sa kanya.

Minsan, siya ay pumunta sa taniman upang mamitas ng bungangkahoy. Ipamimigay niya ang mga ito sa kapitbahay. Kasiyahan na ang gawaing ito para sa kanya. Ilang mahaharot na kabataan ang nakakita sa kanya.

Nagsigawan ang mga iyon. “Si Juang pangit, hayan, batuhin natin!”

Dahil dito, siya ay nagbalik sa kanyang bahay at paiyak na nanalangin, “Dakilang Ama, buti pa ay kunin na ninyo ako kaysa lagi na lamang akong inaalipusta at pinagtatawanan ng aking kapwa”.

Pagkatapos niyang manalangin biglang kumulog nang malakas at umulan, sabay ang pagbagsak niya nang walang buhay.

May mga kabataang nakakita sa bangkay niya sa bakuran. Sila ay nabigla at napatakbo sa takot. Napasigaw ang mga ito ng pa-Juan! pa-Juan! na ang ibig sabihin ay patay na si Juan.

Pagdating ng mga kapitbahay ay wala na ang bangkay nito sa bakuran. Nagtaka ang mga kapitbahay niya. Pagkaraan ng ilang araw ay may tumubong malalagong halaman na gumagapang sa lugar na kinakitaan sa bangkay ni Juan. Ito ay nagbunga ng malalaking luntiang bunga. Binuksan nila ito. Mapula, ngunit maraming butong maiitim sa loob. Nang kanila itong tikman ay matamis at masarap ang lasa. Ito’y tinawag nilang pa-Juan na nang lumaon ay naging pakwan.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ilarawan si Mang Juan.
2. Anong gawain ang nagbibigay-kasiyahan sa kanya?
3. Bakit siya napaiyak at nagdasal?
4. Paano dininig ng Dakilang Ama ang kanyang hinanakit?
5. Naniniwala ka bang si Juan ang tumubong halaman? Ipaliwanag.

Pagpapahalaga

Paano natin dapat pakitunguhan ang mga taong may kapansanan? Kung sa iyong paglalakad ay may nasalubong kang pilay, ano ang iyong saloobin?

Iwasto natin ang iyong sagot.

1. Si Mang Juan ay maitim at tadtad ng bulutong ang mukha ngunit mabait at matulungin.
2. Nasisiyahan siyang mamigay ng mga bungangkahoy sa mga kapitbahay.
3. Sinigawan siya ng ilang kabataan at pinagbabato.
4. Humiling siya sa Dakilang Ama na siya ay kunin na. Kasabay ng kulog at malakas na ulan ay namatay si Juan.
5. Maaaring oo maaari ring hindi dahil ang kuwento ay isang alamat na nagsasabi ng pinagmulan.

## Pag-aralan Natin

**Suriin natin ang mga pangungusap. Bigyan pansin ang gamit ng panghalip.**

❖ Si Mang Juan ay maraming inaaning bungangkahoy sa taniman.
Siya ay namimigay sa mga kapitbahay

Sa ating pangungusap, alin ang panghalip na panao?
Tama ka, ang panghalip na panao ay siya.
Sino ang namimigay sa mga kapitbahay? Kung ang sagot mo ay siya, muli ay tama ka. Ito ang gumaganap ng kilos.
Sa ating pangungusap, ang siya ay ginamit bilang paksa sapagkat siya ang gumaganap ng kilos.
Tingnan naman natin ang susunod na pangungusap.

❖ Ang mahaharot na kabataan ay patuloy na nanunukso sa kanya.

Ano ang panghalip na panao sa pangungusap? Kung ang sagot mo ay kanya, tama ka!

Ano ang ginagawa ng mga kabataan sa kanya? Oo, tinutukso siya.
Sa ating pangungusap ang panghalip na panaong kanya ang tumatanggap ng kilos .
Ang kanya ay ginamit bilang pinaglalaanan ng kilos.

A. Basahin ang mga pangungusap. Bigyang pansin ang gamit ng panghalip. Ito ba ay ginamit bilang paksa o pinaglalaanan?
Paksa ito kapag gumaganap ng kilos.
Pinaglalaanan ito kapag tumatanggap ng kilos.

Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Si Mang Juan ay mabuting tao ngunit siya ay may kapintasan.
2. Ang mga pag-uyam ng ibang tao ay patungkol sa kanya.
3. May mabubuti rin namang kapitbahay si Juan. Sila ay hindi nanlilibak sa kapwa.
4. Ang mga kabutihang ginagawa ni Juan ay para sa kanila.
5. Tayo ay dapat umunawa sa kalagayan ng iba.

Iwasto natin ang iyong sagot.

1. paksa
2. pinaglalaanan
3. paksa
4. pinaglalaanan
5. paksa

Kung tamang lahat ang iyong sagot, magaling! Binabati kita!

## Tandaan

Ang panghalip ay maaaring gamiting paksa o pinaglalaanan sa pangungusap.

Paksa ito kung gumaganap ng kilos o pinag-usapan sa pangungusap.
Pinaglalaanan o layon kung tumatanggap ng kilos. Sa ang pananda sa layon at ang para sa ay pananda sa pinaglalaanan.



## Pagsasanay

**Isulat kung ang gamit ng panghalip ay <u>paksa</u> o <u>pinaglalaanan</u>.**


1. Si Ramon ang pangulo ng samahan. <u>Siya</u> ang nanguna sa proyekto sa paaralan.
2. May tiwala sa <u>kanya</u> ang mga kasapi.
3. Ang kanilang guro na si Bb. Reyes ay nakiisa sa <u>kanila</u>.
4. Maraming punla ang ibinigay ng barangay para sa proyekto. Bilang pangulo, ibinigay ang mga punla sa <u>kanya</u>.
5. <u>Sila</u> ay mabubuting mag-aaral sa paaralan.

Ganito ba ang iyong sagot?

1. paksa
2. pinaglalaanan
3. pinaglalaanan
4. pinaglalaanan
5. paksa

### Suriin

Gawain I. Narito ang larawang grap ng inaaning mangga ni Juan sa kanyang taniman sa loob ng isang buwan.



Sagutin ang tanong.


1. Ilang mangga ang inani ni Mang Juan sa unang linggo?
2. ilang mangga ang inani niya sa ikalawang linggo?
3. Sa anong linggo magkatulad ang bilang ng inani niyang mangga?
4. Sa anong linggo may pinakamaliit na bilang ng inaning mangga?
5. Ilang lahat ang inani niyang mangga?

Iwasto ang iyong sagot.

1. 400
2. 300
3. ikalawa at ikaapat na linggo
4. ikatlong linggo
5. 1200

Gawain 2

Bukod sa paghahalaman, nag-aalaga rin si Juan ng manok. Narito ang grap ng kanyang kinita sa isang taon.




Sagutin ang mga tanong.


1. Anong buwan may pinakamataas na kinita si Juan?
2. Anong buwan ang may pinakamababang kita?
3. Magkano ang kinita niya mula Enero hanggang Hunyo?
4. Magkano ang kinita niya mula Hulyo hanggang Disyembre?
5. Magkano ang kinita niya sa isang taon?

Iwasto ang iyong sagot.

1. Hunyo
2. Enero
3. P 6,000
4. P 6,400
5. P 12,400

Gawain 3

Narito ang pie grap na naglalarawan ng bahagdan ng gastusin ng mag-anak na Monzon sa isang buwan. Isulat ang impormasyong ipinahihiwatig ng bawat hati.




Ang suweldo ni G. Monzon ay P 6,000 sa isang buwan. Narito ang unang impormasyong inilalarawan sa grap. Isulat ang iba pa.

1. Ang 40% ng kita ay nagagastos sa pagkain.
2. 
3. 
4. 
5. Ang ___________ ang may pinakamalaking bahagdan sa gastusin sa isang buwan.
6. Ang badyet nila sa pagkain ay P _________ isang buwan.

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Ang 40% ng kita ay nagagastos sa pagkain.
2. 20% naman ang nagagastos sa bahay at elektrisidad
3. 10% ang gastos sa damit
4. 30% ang gastos sa edukasyon
5. Ang pagkain ang may pinakamalaking bahagdan sa gastusin sa isang buwan.
6. Ang badyet nila sa pagkain ay P2,400 isang buwan.

## Isaisip Mo

Magiging mabisa ang pag-unawa sa nilalaman ng isang grap kung naisasaling pasulat ang mga impormasyong ipinahihiwatig nito.


## Subukin Mo

**A. Gumuhit ng bulaklak kung ang panghalip sa pangungusap ay paksa at dahon kung pinaglalaanan.**

1. Nangako siyang daraan muna bago umuwi.
2. Tinapos niya ang gawaing sinimulan ni Beta.
3. Ikaw na muna ang tumulong sa kanya.
4. Magtulungan tayo sa lahat ng pagkakataon.
5. Ang aklat na kinuha ni Bb. Legaspi ay ibibigay sa iyo.

**B. Suriin ang grap, isulat ang impormasyong hinihingi.**

Konsumo ng Kuryente ng Pamilyang Nakatira sa Subdivision




1. Ilang kilowatt ang konsumo ng pamilya Monzon?
2. Ilang kilowatt ang konsumo ng pamilya Monzon at Reyes?
3. Aling pamilya ang may pinakamaliit na konsumo?
4. Aling pamilya ang may pinakamataas na konsumo?
5. Ilang kilowatt ang taas ng konsumo sa kuryente ng pamilya Monzon sa pamilya Reyes?

Isulat ang iyong sagot sa paraang pasulat.

1.




2.

3.

4.

5.

Iwasto ang iyong sagot.

A. 1.  2.  3.  4.  5. 

B.
1. Ang pamilya Monzon ay may konsumong 250 kilowatts.
2. Ang pamilya Monzon at Reyes ay may konsumong 450 kilowatts.
3. Ang pamilya Lopez ang may pinakamaliit na konsumo.
4. Ang pamilya Legaspi ang may pinakamataas na konsumo.
5. Limampung kilowatt ang taas ng konsumo ng pamilya Monzon sa pamilya Reyes.

Naisagawa mo bang lahat ang mga gawain?  Nakasagot ka ba sa mga pagsasanay?  Inaasahan kong wasto ang iyong mga sagot sa mga katanungan.  Pumalakpak ka ng lima para sa iyong tagumpay!

Hanggang sa susunod na modyul!  Magkita tayong muli!